# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Abogado ng Lunsod



**MIKE AGUIRRE**
**Abogado ng Lunsod ng San Diego**

PARA SA KAPAKANANG PAMPUBLIKO LAMANG

- Nais Nila KAYONG Magbayad sa $1.2 Bilyong Pagkalugi ng Pensiyon SABI NI MIKE HINDI!
- Pinahamak Nila ang Lunsod sa Pagkakautang ng $100 Milyon ng INYONG PERA sa isang tagapagpaunlad SABI NI MIKE HINDI. BINALIKTAD ITO!
- Pinayagan nila ang Mapanganib na Pagpapatayo sa Sunroad upang Pagbantaan ang Kaligtasan ng ATING mga Kapitbahayan PINAHINTO ITO NI MIKE!
- Tinanggal Nila ang INYONG Pampublikong Paradahan sa Balboa Park PINABALIK ITO NI MIKE!
- Lumikha Sila ng Sinungaling na mga Pananalapi na Pumigil sa ATING Kakayahang Magpalabas ng mga Bono INAYOS NI MIKE ANG GULO SA SEC!
- Ngayon Nais Nilang Singilin TAYO na Pumarada sa P.B. at La Jolla. Bakit? UPANG BAYARAN ANG MGA PANLOLOKO NG PENSIYON!

SI MIKE AGUIRRE LAMANG ANG LUMALABAN PARA SA ATIN SA MGA USAPING ITO

ANG KARERA NI MIKE:

- Tagapaglitis Pederal
  Pinamahalaan ang Pagsiyasat sa Panloloko sa Pensiyon
- Tagapayo sa Senado ng U.S. Subkomite sa mga Imbestigasyon
  Namuno sa Pagsisiyasat sa Panloloko ng Pensiyon ng Itinatag na Krimen
- Nagpasauli ng $250 Milyon para sa mga Matatandang Biktima ng Panloloko ng Pensiyon & mga Seguro
- Antas ng Batas U.C. Berkeley
- Antas ng Dalubhasa sa Pangangasiwang Pampubliko ng Paaralan ng Gobyerno ng JFK ng Harvard
- Napatunayang Tagasuri ng Kasinungalingan

GOBYERNO NINYO ITO … HUWAG ITONG ISAULI!

PANATILIHIN SA LANDAS ANG REPORMA!

MULING IBOTO SI ABOGADO NG LUNSOD MIKE AGUIRRE

www.mikeaguirreforcityattorney.com

619-542-1945

# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Abogado ng Lunsod



**JAN GOLDSMITH**
**Hukom ng Korte Superyor ng San Diego**

Bumoto ng isang malaya, walang partido at epektibong Abogado ng Lunsod na magtutuon ng pansin sa batas- hindi pulitika.

Tinatangkilik ng mga pinuno ng pagpapairal sa batas Abogado ng Distrito Bonnie Dumanis at Syerip Bill Kolender.

<u>MAY KARANASAN</u>

- Hukom ng Korte Superyor ng San Diego ng 10 taon
- Kaugnay na propesor ng batas sa tatlong mga paaralan ng batas ng San Diego
- Pinangatawanan ang San Diego sa Asembleya ng Estado
- Tumanggap sa Lobi ng mga Bata ng California <u>Pinakamaliwanag na Bituin para sa mga Bata</u> na paggawad sa batas na nagpoprotekta sa mga bata
- Dating Alkalde ng Poway, isang mahusay na pinapatakbong lunsod na walang pagkalugi ng pensiyon
- Umari at namahala sa isang matagumpay na pribadong kompanya ng batas bago bumaling sa serbiyong pampubliko
- Nagtapos sa Paaralan ng Batas ng Unibersidad ng San Diego na may parangal na magna cum laude
- Kasal ng 33 taon kay Christine at may 3 malalaking anak

<u>MALAYA AT WALANG PARTIDO</u>

- Hindi isang tagaloob ng Bulwagang Panglunsod - preskong pananaw sa mga problema
- Malaya - nakatalaga sa legal na mga pasiyang batay sa batas, hindi pulitika
- Ang mga paglilitis pangkriminal ay magiging mabalasik at gagawin sa korte, hindi sa panayam ng prensa.
- Magtutuon ng pansin sa pagpanalo ng mga paglilitis, hindi sa pagtala ng mamahaling walang katuturang mga kaso

***Si Hukom Jan Goldsmith ay magdadala ng wastong legal na paghuhusga, dangal at karangalan sa opisina ng Abogado ng Lunsod.

Upang mapag-alaman ang higit pa tungkol sa plano ng reporma ni Hukom Goldsmith, tingnan ang kanyang 10 mga Pagtatalaga para sa Pagbabago: www.jangoldsmithforcityattorney.com

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod – Distrito 1



**SHERRI S. LIGHTNER, P. E.**

**May-ari ng Maliit na Negosyo**
**Inhinyerong Mekanikal**

**NANALO SA PRIMARYA!**

**Tinatangkilik ni/ng:**

Mga Bumbero ng Lunsod ng San Diego
Kapisanan ng mga Opisyal ng Pulisya ng San Diego
Klab ng Sierra
Liga ng mga Konserbasyon na Botante

**Si Sherri ay magsasabi ng HINDI sa masyadong pagpapaunlad.**

Hindi natin kailangan ang mas maraming trapiko at maling pagpaplano. Si Sherri ay mamumuno sa laban ng pagkontrol sa paglaki at magsasabi ng hindi sa masasamang mga proyekto.

**Si Sherri ay magsasabi ng OO sa mga kapitbahayan.**

Karapat-dapat ang mga taga-San Diego sa basikong mga serbisyo ng kapitbahayan. Si Sherri ay lalaban upang tustusan ang mga pagsisikap ng pagpupulis sa komunidad, ayusin ang mga kalye, at panatilihing bukas ang mga parke at aklatan.

**Si Sherri ay magpoprotekta sa ating mga likas na pinagkukunan.**

Kasama ng kaalamang tekniko ni Sherri bilang isang inhinyero at ang kanyang magaling na talaan, siya ay mapagkakatiwalaan natin na protektahan ang ating mga dalampasigan, mga parke at bukas na espasyo.

**Si Sherri ay magdadala ng pananagutan ng pananalapi sa Konseho.**

Isang may karanasang may-ari ng negosyo, si Sherri ay gagawa ng wastong mga pasiya ng pananalapi upang mapabilis ang paggaling ng San Diego.

**Si Sherri, isang 45-taong residente ng San Diego, ay may isang kasaysayan ng paglilingkod sa ating komunidad.**

- Nakaraan/Kasalukuyang pinuno ng 12+ mga kapisanan ng komunidad.
- Dalubhasa sa pagpaplano na lumaban para sa ating uri ng buhay ng higit sa isang dekada.
- Miyembro ng lupon ng maraming mga grupo ng komunidad para sa pagggamit ng lupa, pagpaplano, trapiko at makasaysayang preserbasyon.
- Tagatipon ng pondo ng YMCA, pinuno ng Babaeng Iskaut, miyembro ng Kiwanis.

**Iboto si Sherri Lightner para sa Konseho ng Lunsod**

www.SherriLightner.org

858-454-4764

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Konseho ng Lunsod – Distrito 1**



**PHIL THALHEIMER**
**May-ari ng Maliit na Negosyo**

Ako ay si Phil Thalheimer – Ako ay isang may-ari ng negosyo at taong makapamilya, hindi isang pulitiko.

**Ako ay Tumatakbo Para Balansehin ang Badyet ng Bulwagang Panglunsod** at gisingin ang Bulwagang Panglunsod: nais natin ang perang ginagastos sa sunog, pulis, mga parke, at mga kalsada – hindi sinasayang o dumadaloy sa hindi kapani-paniwalang mga suweldo o pensiyon para sa mga burokrata at pulitiko.

Ako ay mag-aatas ng pampublikong pagtutuos ng kuwenta ng bawat departamento para maalis ang pagsasayang. Ako ay mag-aatas ng pananagot sa bawat dolyar na nagastos.

**Ako ay Tumatakbo para sa Reporma ng Etika at Kalinawan** sa Bulwagang Panglunsod – mga bukas na pagpupulong, libro, at pag-uusap kung paano nila ginagastos ang pera.

Ako ay haharap sa *mga larong negosyo ng dating gawi na nilalaro* ng mga tagaloob, Espesyal na mga Interes, at mga pulitiko. Kaya ko ito dahil hindi ako isa sa kanila.

**Ako ay Tumatakbo Dahil Ako ay May Isang Talaan ng Tagumpay.**

Noong kinailangan ng mga bata ang proteksiyon mula sa mga kriminal ng sekso, pinamunuan ko ang kampanya para sa Batas ni Jessica ... inalis ang pinakamasasamang kriminal sa ating mga kalye. Ako ay nagpapatakbo ng isang matagumpay, maliit, lokal na negosyo.

Para maging prangka: Ako ay hindi naghahangad ng isang karerang pampulitika, nais kong balansehin ang badyet, linisin ang Bulwagang Panglunsod, at ipaalala sa mga pulitiko na sila ay nagsisikap para sa atin.

Ako ay palaging mapupuntahan at maari ninyo akong laging matawagan sa aking personal na numero ng telepono (619-846-0162).

# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod – Distrito 3



**TODD GLORIA**
**Direktor ng Distritong Pangkongreso**

**1[ika-] Lugar na Nanalo sa Primarya!**
**Tinatangkilik ni/ng:**
Mga Bumbero ng Lunsod ng San Diego
Kapisanan ng mga Opisyal ng Pulisya ng San Diego
Kapisanan ng mga Katulong na Syerip ng San Diego
Liga ng mga Konserbasyon na Botante ng San Diego
Konseho ng Gawa ng mga County ng San Diego-Imperial
Syerip Bill Kolender
Kongresista Susan Davis
Miyembro ng Lupon ng Paaralan Sheila Jackson

**Karanasang Maglingkod sa Atin NGAYON**

Ang sabi ng CityBeat, "Alam ni Todd ang Lunsod gaya ng likod ng kanyang palad." Isang katutubong taga-San Diego, nakay Todd ang mga kakayahan at karanasang malutas ang pinakamahihirap nating problema.

**Nakatalaga sa Ating Kaligtasan**

Si Todd ay tinatangkilik ng mga pulis at mga bumbero dahil ibabalik niya ang mga Nanunungkulan sa Ugnayan ng Komunidad, ilalagay ang pulis kung saan may pinakamaraming krimen at tiyakin na may sapat na mga pinagkukunan ang mga bumbero para protektahan tayo.

**Tagalutas ng Problema ng Kapitbahayan**

Nakapagbigay na si Todd ng tunay na mga resulta para sa ating mga kapitbahayan. Pinaglingkuran ni Todd ang ating pinakamahihirap na kapitbahay bilang isang mangagagawa ng mga Serbisyo ng Kalusugan at Pangtao, nilabanan ang prostitusyon at iba pang mga krimen sa City Heights; pinanagot ang mga burokrata bilang isang Direktor ng Distritong Pangkongreso; at tumulong magtayo ng 2,000 abot-kayang mga yunit bilang komisyonado ng pagbabahay.

**Nagbibigay ng mga Kalutasan ng Transportasyon**

Sa mga presyo ng gas na nakakapinsala sa mga pamilya, si Todd ay patuloy sa kanyang laban upang ibalik ang serbisyo ng bus at magtataguyod ng isang ika-21 siglong sistema ng transito.

Bumoto para sa pinahusay na kaligtasang pampubliko, mas maraming mga oras ng aklatan, at pagpapanatili sa parke at kalye.

**Iboto si Todd Gloria para sa Konseho ng Lunsod.**
www.toddgloria.com.

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod – Distrito 3



**STEPHEN WHITBURN**
**Tagapagturo ng Kalusugang Pangkomunidad**

"Si Stephen Whitburn ay nagtataglay ng dangal na kailangan natin sa Bulwagang Panglunsod at sa karanasan upang magawa ang mga bagay-bagay."

-- Miyembro ng Konseho Donna Frye

**Ibalik ang Karangalan sa Bulwagang Panglunsod**

Ang Bulwagang Panglunsod ay dapat nagsisikap para sa mga tao, hindi sa mga tagapagpaunlad at naglolobi. Si Stephen Whitburn ay haharap sa mga tagapagpaunlad at lalaban para sa bukas at matapat na gobyerno.

**Mas Malalakas na Kapitbahayan**

Si Stephen Whitburn ay magsisikap para protektahan ang pagtustos sa mga basikong serbisyo tulad ng kaligtasang pampubliko at pagkumpuni sa kalye at bangketa. Siya ay magsisikap para sa mahuhusay na paaralan at maliliit na negosyo na nagbibigay-lakas sa mga kapitbahayan. Si Stephen ay magbibigay sa mga kapitbahayan ng higit pang impormasyon at katuwiran sa mga pagpapaunlad.

**Isang Malayang Boses**

Isang peryodista ng 18 taon, si Stephen Whitburn ay ngayon namamasukan sa isang kapisanan ng walang tubong pangangalagang pangkalusugan sa Komite ng Pagpaplano ng North Park. Kakailanganin ang isang taong may panlabas na karanasan at bagong pananaw upang humarap sa mga tagapagpaunlad at tagaloob ng Bulwagang Panglunsod.

**Tinatangkilik ni/ng:**
Kongresista Bob Filner
Miyembro ng Konseho Donna Frye
Dating Senador ng Estado Lucy Killea
John Hartley
Paul Broadway
Papasok na Miyembro ng Lupon ng Paaralan Richard Barrera
Umuunlad na Mayoriya
Liga ng Pagkakaisa ng San Diego
Kapisanang Pampulitika ng Mexicano-Amerikano
Pondo ng Aksiyon ng Plinanong Pagmamagulang
NOW
Klab ng Sierra

"Si Stephen Whitburn ay magiging isang malayang boses na haharap sa mga espesyal na interes upang protektahan ang mga kapitbahayan."

--Kongresista Bob Filner

www.StephenWhitburn.com

# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod – Distrito 7



**APRIL BOLING**
**Sertipikadong Pampublikong Tagapagtuos / Negosyante**

**Tapusin ang Ating Krisis ng Pananalapi, Protektahan ang Ating Ekonomiya. Magpadala ng isang Sertipikadong Pampublikong Tagapagtuos sa Bulwagang Panglunsod.**

**April Boling: Nagbabalanse sa Badyet**

Si April ay isang walang sinasantong CPA na may karanasang pandaigdig na kinakailangan upang suriin ang bawat linya ng badyet.

*"Bilang Presidente ng Kapisanan ng Nagbabayad ng Buwis ng County ng San Diego, inilantad ni Boling ang pagwawaldas sa Bulwagang Panglunsod at inatas ang reporma."*

-Marcia Fritz, Bise Presidente, Pundasyon para sa Pananagutan ng Pananalapi ng California

**April Boling: Naglalantad at Umaayos sa Krisis ng Pensiyon**

Nilalabanan ni April ang hindi kapani-paniwalang programa ng DROP. Siya ay mag-aatas ng tunay na reporma ng pensiyon na totoong lulutas sa krisis ng pensiyon.

*"Isang malayang boses sa Komite ng Reporma ng Pensiyon ng San Diego, tumulong si April na ilantad ang krisis ng pensiyon."*

-Scott Barnett, TaxpayersAdvocate.org

**April Boling: Nag-aatas ng Kalinawan sa Bulwagang Panglunsod**

Si April ay nakatalang humihingi ng mga batas na magpapahintulot sa publiko na makita ang bawat dolyar na ginagastos ng mga pulitiko at espesyal na interes.

*Ako ay isang CPA, hindi isang pulitiko. Kagaya ninyo, ako ay pagod at galit dahil ang mga ibinotong opisyal ay hindi nakakatapos sa trabaho. Bilang inyong miyembro ng konseho, bubuksan ko ang mga libro at ilalantad ang mga kasunduang patalikod. Ako ay mag-aatas ng pagbabago at lalaban para sa pandaigidig na uring kaligtasang pampubliko, mga parke at mga daanang karapatan natin at binabayaran. – April Boling, CPA*

www.aprilboling.com **619-667-7650**



## MARTI EMERALD
**Tagapagtaguyod ng Mamimili/Dating Tagapagsiyasat**

Ang dating peryodistang ito ay may magandang balita … maari nating lutasin ang mga suliranin sa Bulwagang Panglunsod, at lumikha ng isang gobyerno ng lunsod na kasing-galing ng San Diego.

Maraming mga tao ang umanib sa akin sa pagboto ng - Oo - sa ating panukala ng balota ng Reporma ng Pensiyon, iginiit natin ang isang kasunduan at tinalikuran na natin ang usaping ito.

Ngayon, tayo ay magsikap sa malayang pagsusuri ng pananalapi na may halagang $30 milyong kanyang natipid at tapusin ang usapan tungkol sa mga buwis na basura.

Aray! Ito lamang ang akin masasabi tungkol sa aking unang kampanya. Ang aking mga salita ay pinaikot at binaliktad. Bago ko nalaman kung ano ang nangyari sa akin, ako ay gumanti.

Tayo ay maaring nasa magkaibang partidong pampulitika, subalit tayo ay mga taga-San Diego muna. Hintuan natin ang negatibong pangangampanya at magkasamang magtulungan para sa positibong pagbabago.

Bilang inyong Miyembro ng Konseho, ako ay magsisikap upang makagawa ng magagandang trabaho at palaguin ang gitnang klase, putulin ang pagsasayang at iwasan ang pagtaas ng mga buwis, at aking poprotektahan ang ating kapaligiran at uri ng buhay.

Nakalutas na ako na mga problema ng tao bilang inyong Tagapagsiyasat sa 10News ng 22 taon. Maari akong tumulong na lumutas sa mga problema ng San Diego.

Ang Mga Bumbero ng San Diego at mga Opisyal ng Pulisya ang tumatangkilik sa akin. Gayundin ang mga guro at nars. Inaasahan kong makamit, din, ang inyong boto.

Para sa higit pa tungkol sa aking kampanya mangyaring bisitahin: www.MartiforSanDiego.com